# Relasyon at Istilo ng Pagiging Magulang ng Isang Ina sa kanyang mga Anak na may Magkaibang Ama

Isang Tesis na Iniharap sa
Kagawaran ng Agham Panlipunan
Kolehiyo ng Malalayang Sining
Pamantasang De La Salle - Dasmariñas

Bilang bahagi ng Pagtupad sa mga Pangangailangan
Para as Katibayan ng Pagtatapos sa
Kursong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Sharimaine Pangan

Dannilene C. Phi

PSY43

March 2011

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## ABSTRAK

**Pangalan ng Insstitusyon:** Pamantasang De La Salle – Dasmariñas

**Lugar:** Bagong Bayan, Dasmariñas City, Cavite

**Pamagat:** Relasyon at Istilo ng Pagiging Magulang ng Isang Ina sa kanyang mga Anak na may Magkaibang Ama

**Mga Mananaliksik:** Pangan, Sharimaine

Phi, Dannilene C.

**Pinagkukunan ng Pondo:** Mga Magulang

**Halaga:** Php 7,000.00

**Sinimulan:** June 2010

**Natapos:** March 2011

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Anu-ano ang demograpikong katangian ng mga ina na nagkaroon ng anak na may magkaibang ama: edad ng anak at ina, estado sa buhay, edukasyon, bilang ng anak, trabaho ng ina at asawa o karelasyon, bilang ng naging asawa o karelasyon, at relihiyon.

2. Ano ang istilo ng pagiging magulang ng mga ina sa kanyang mga anak na may magkaibang ama.

3. Ano ang relasyon ng ina sa kanyang mga anak na may magkaibang ama.

**Saklaw:**

Ang pag-aaral na ito ay nais na malaman ang relasyon at istilo ng pagiging magulang ng isang ina sa kanyang mga anak na may magkaibang ama. Ang bilang ng mga kalahok sa pag-aaral na ito ay sampu. Ang mga kalahok ay nakatuon lamang sa mga ina na nagkaroon ng anak sa magkaibang ama. Kinakailangang ang mga nasabing ina ay nagkaroon ng hindi bababa sa dalawang asawa o karelasyon sa magkaibang panahon. Nasasaklawan ng pag-aaral na ito ang mga ina na maaaring hindi kasal sa kanilang asawa at ang mga ina na hiwalay na o namatayan ng kanilang asawa.

**Metodolohiya:**

Ang pag-aaral na ito ay sinimulan noong June 2010 hanggang March 2011 sa Dasmariñas City, Cavite kung saan nagmula ang mga kalahok para sa pag-aaral na ito.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng disenyong deskriptibo upang malaman ang kasalukuyang kalagayan tungkol sa relasyon at istilo ng pagiging magulang ng isang ina sa kanyang mga anak na may magkaibang ama. *Purposive sampling* ang ginamit sa pagpili ng kalahok para sa pag-aaral na ito. Ginamit ang sarbey (tingnan sa

Apendiks B) upang malaman ang demograpikong datos ng mga kalahok; talatanungan (tingnan sa Apendiks B) naman para malaman ang kanilang relasyon at istilo ng pagiging magulang sa kanilang mga anak mula sa magkaibang ama; obserbasyon para makita kung tugma ang mga isinagot ng mga kalahok mula sa talatanungan; at interbyu naman para itanong ang *follow-up question* (tingnan sa Apendiks B) na kung bakit ganon ang kanilang sagot.

**Konklusyon:**

1. Magkapareho lamang na *authoritative* ang istilo ng pagiging magulang ng mga kalahok sa kanilang mga anak sa una at pangalawang asawa o karelasyon.
2. Nalaman ng mga mananaliksik na ang *authoritative* na istilo ng pagiging magulang ay mayroong pinakamataas na bilang ng pagiging "konsistent" na ginagamit ng mga kalahok sa kanilang mga anak na parehong mula sa una at pangalawang asawa o karelasyon.
3. Nalaman ng mga mananaliksik na *disorganized attachment* ang klase ng relasyon na mayroon ang mga kalahok na ina sa kanyang mga anak sa unang asawa o karelasyon at secure attachment naman ang klase ng relasyon na mayroon ang mga kalahok na ina sa kanyang mga anak sa pangalawang asawa o karelasyon.
4. Nalaman din ng mga mananaliksik na kaya nabibigyan ng mas maraming atensyon ang mga anak na nagmula sa pangalawang asawa o karelasyon ay

dahil ayaw ng kanilang bagong asawa sa kanilang anak na mula sa una nilang asawa o karelasyon.

**Rekomendasyon**

Pagkatapos ng masusing pagsusuri ng mga mananaliksik sa mga datos, ang mga sumusunod na mga rekomendasyon ay ginawa:

1. Para sa komunidad - Magkaroon o magplano ng mga aktibidad na tulad ng seminar ang komunidad na kinabibilangan ng mga pamilyang ito na para sa mga magulang at para sa mga anak na nasa ganitong kalagayan upang magkaroon sila ng kaalaman at pag-unawa tungkol sa pag-aasawang muli at sa epekto nito sa kanilang mga anak.
2. Para sa paaralan - gumawa ng programa para sa mga bata na nasa ganitong kalagayan o sitwasyon upang magabayan sila at makagawa ng mga hakbang para mapaintindi sa mga batang wala sa ganitong sitwasyon ang nararamdaman at pinagdaraanan ng mga batang nakararanas ng nasabing problema patungkol sa pamilya.
3. Para sa mga magulang - makatutulong ang pag-aaral na ito upang mabigyan sila ng kaalaman na nagkakaroon ng epekto sa bata kapag nag-aasawang muli ang kanilang magulang lalo na kung ina ang nag-asawang muli.
4. Para sa mga anak – para sa mga anak na nasa ganitong sitwasyon, maaaring gawing gabay ang pag-aaral na ito para mas lalong mabigyang linaw ang isyung ito sa kanilang pamilya. Maaari rin itong makapagbigay ng

impormasyon sa mga kabataan na wala sa ganitong sitwasyon at maging bukas ang kanilang isipan sa paksang pag-aasawang muli ng isa o parehong magulang.

5. Para sa mga susunod na mananaliksik, ipagpatuloy ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagdadagdag ng bilang ng mga kalahok upang mas lalong mapagtibay ang resulta ng pananaliksik at para magkaroon ng mas malawak na sakop ang pag-aaral tungkol dito.
6. Maaari din na ikonsider ng mga susunod na mananaliksik ang panig ng mga anak ng mga ina na nasa ganitong kalagayan upang magkaroon ng mas malalim na pagsusuri tungkol sa mga ina na mayroong mga anak na mula sa magkaibang ama.
7. Ang pagkonsider sa panig ng mga ama na kasalukuyang karelasyon o asawa ng mga ina na nasa ganitong kalagayan ay maaari din na makatulong sa mga susunod na mananaliksik upang magkaroon ng mas malalim na pagunawa sa dahilan kung bakit mayroong pagkakaiba sa relasyon at istilo ng pagiging magulang ng mga ina na nagkaroon ng anak sa magkaibang ama.

## TALAAN NG NILALAMAN


TITULO NG PAG-AARAL ....................................................................i
KATIBAYAN NG PAGTANGGAP ...............................................................ii
PASASALAMAT ……………...............................................................iii
ABSTRAK ……………………………………………………………….....iv

KABANATA I
KALIGIRAN NG PAG-AARAL
Panimula ..........................................................................1
Batayang Konseptwal ................................................................... 3
Paglalahad ng Suliranin ..........................................................5
Kahalagahan ng Pag-aaral ............................................................ 7
Saklaw at Limitasyon .......................................................................9
Depinisyon ng mga Termino..........................................................10

KABANATA II
MGA KAUGNAY NA LITERATURA
Istilo ng Pagiging Magulang .........................................................12
Authoritarian Parenting .................................................. 13
Authoritative Parenting .................................................. 13
Neglectful Parenting .........................................................13
Indulgent Parenting ........................................................ 13
Aspeto sa istilo ng Pagiging Magulang ....................................... 17
Pangangailangan/Pakikipag-ugnayan sa iba ..................... 17
Gusto .......................................................................... 18
Maganda at Masamang Pag-uugali .................................. 19
Pagsuporta sa tungkulin o Gawain .................................. 19
Paggawa ng Desisyon/Patakaran/Pamamahala sa Sarili........ 20
Emosyonal na Suporta .................................................... 20
Mga Pag-aaral tungkol sa Istilo ng Pagiging Magulang .................. 21
Relasyon ng Magulang sa Anak...................................................... 24
Secure Relationship .......................................................... 26
Avoidant Relationship .................................................... 27
Ambivalent Relationship ................................................ 28
Disorganized Relationship ............................................... 29
Aspeto sa Relasyon ng Ina sa Anak ........................................... 32
Pang-akademikong
pangangailangan/pangangailangan/emosyonal na suporta ............................32

Pagdisiplina .......................................................................... .34
Paglilibang ............................................................................ 35
Mga Pag-aaral tungkol sa Relasyon ng Magulang sa Anak............... 35
Tradisyunal na Pamilyang Pilipino ............................................... 36
Di-Tradisyunal na Pamilyang Pilipino ........................................... 38
Paghihiwalay ng mag-asawa........................................................... 40
Profayl ng mga Ina na nagkaroon ng mga Anak sa Magkaibang Ama .................................................................................................... 41

KABANATA III
METODOLOHIYA
Disenyo ng Pag-aaral .................................................................... 43
Kalahok sa Pag-aaral at Pamamaraan ng Pagpili ng Kalahok .......... 44
Instrumentasyon .......................................................................... 45
Paraan ng Pagkalap ng Datos ........................................................ 47
Pagsusuri ng Datos .......................................................................48

KABANATA IV
Presentasyon, Interpretasyon ng mga Datos ……………………………….... 50

KABANATA V
Buod, Konklusyon, Rekomendasyon
Buod ……………………………………………………………………...82
Konklusyon …………………………………………………………... 84
Rekomendasyon ………………………………………………….... 85
Bibliyografi ..............................................................................................87
Di-lathalang Tesis …......................................................................... 87
Mga Aklat ........................................................................................ 87
Jornal ............................................................................................... 88
Internet ............................................................................................ 89

## Listahan ng Pigura

Pigura 1 ....................................................................................................................4

## Listahan ng mga Talahanayan

Talahanayan Blg. 1.1 ........................................................................................ 50

Talahanayan Blg. 1.2 ........................................................................................ 53

Talahanayan Blg. 1.3 ........................................................................................ 54

Talahanayan Blg. 2.1 ........................................................................................ 56

Talahanayan Blg. 3.1 ........................................................................................ 72

## Listahan ng mga Apendiks

Apendiks A

Apendiks B

Apendiks C

Apendiks D

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines